Tunay na ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano ay hindi nagtitina [ng buhok] kaya sumalungat kayo sa kanila.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya, ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagsabi: "Tunay na ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano ay hindi nagtitina kaya sumalungat kayo sa kanila."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinababatid ni Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya, na ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagpabatid sa kanila na ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano ay hindi nagtitina ng buhok ng mga ulo nila at mga balbas nila, bagkus hinahayaan nila ang uban doon sa kalagayan nito. Kaya nag-utos ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na salungatin sila sa pamamagitan pagtitina ng buhok at pagkukulay ng balbas at buhok sa ulo.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8908